Kagawaran ng Ugnayan sa Pang-industriya Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa ng California (California Department of Industrial Relations Division of Workers Compensation)

DWC DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION
CALIFORNIA DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS

# Fact Sheet G

## Mga Karapatan At Obligasyon Sa Paggigiit ng Isang Paghahabol sa Harap ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board)

Ang dokumentong ito ay isang gabay sa mga karapatan at pamamaraan sa paghahabol ng kompensasyon ng mga manggagawa.

### Paano kung tinanggihan ang aking paghahabol, o paano kung hindi ko matanggap ang lahat ng benepisyo na sa tingin ko ay nararapat sa akin?

Nariyan ang isang Opisyal ng Impormasyon at Tulong (Information and Assistance, I&A) upang tulungan kang sagutin ang iyong mga tanong at magbigay ng impormal at walang pinapanigang tulong sa iyo. Ipapaalam sa iyo ng isang Opisyal ng I at A ang iyong mga karapatan at ibabahagi ang pamamaraan para maghain ng aplikasyon sa isang lokal na opisina ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board). Tumawag sa lokal na opisina ng distrito para sa karagdagang impormasyon.

### Ano ang Lupn ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board, WCAB)?

Ang Lupon ng Mga Apela para sa Kommpensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board) ay isang espesyal na hukuman na dumidinig at nagpapasya sa mga pinagtatalunang paghahabol sa kompensasyon ng mga manggagawa. Ang mga kumperensya na ginanap sa mga lokal na opisina ay katulad ng mga ginaganap sa alinmang hukuman ngunit hindi gaanong pormal ang mga pamamaraan. Karaniwang inihaharap ang ebidensya sa anyo ng mga medikal na ulat at testimonyo na ginawa sa ilalim ng panunumpa. Ang desisyon ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa ay ligal na may bisa sa lahat ng partido. Ang mga hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa ang siyang magpapasya sa lahat ng pagtatalo o hindi pagkakaunawaan na nagmumula sa isang paghahabol sa natamong sugat/pinsala na may kaugnayan sa trabaho na saklaw ng batas ng estado. Hindi nila dinidinig ang mga sibil o kriminal na usapin, o mga kaso na may kinalaman sa pagtamo ng mga sugat/pinsala sa mga pederal na empleyado o taong nasasaklaw sa ilalim ng mga pederal na batas.

### Paano ako makakapaghain ng kaso sa WCAB?

Maaaring maghain ng kaso ang sinumang tao na maaaring may paghahabol na may kaugnayan sa isang natamong sugat/pinsala sa trabaho sa isang lokal na opisina ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board) sa pamamagitan ng paghahain ng pormularyo ng Aplikasyon para sa Pagpapasya ng Paghahabol (Application for Adjudication of Claim), WCAB 1.

Walang bayad ang paghahain ng aplikasyon. Kung kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng I at A sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-736-7401.

### Maaari ba akong katawanin ng isang abogado?

May karapatan kang katawanin ng isang abogado o sinumang kinatawan na napili mo. Maraming abogado ang humahawak ng mga kaso sa kompensasyon ng mga manggagawa, at ang ilan ay sertipikado bilang isang espesyalista sa larangang ito ng State Bar ng California. Walang abogado o kinatawan ang maaaring maningil sa iyo ng bayad para sa pagiging kinatawan mo maliban kung at hanggang sa maaprubahan ang bayad na iyon ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa. Kung naaprubahan ang iyong kaso, ang bayad sa abogado, na karaniwang nasa 9 hanggang 15 porsiyento ng halaga ng benepisyo na iginawad, ay ibabawas mula sa iginawad na halaga. Ang bayad ay ibinabayad nang diretso sa abogado, o kinatawan, ng tagapag-empleyo o ng tagadala ng paseguro nito.

### May limitasyon ba sa panahon para sa paghahain ng paghahabol?

Ang mga batas sa kompensasyon ng mga manggagawa ay naglalaman ng ilang partikular na limitasyon sa panahon para sa paghahain ng paghahabol sa Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board). Sa pangkalahatan, dapat ihain ang aplikasyon sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagtamo ng sugat/pinsala o mula sa huling petsa kung kailan ibinigay ang mga benepisyo. May iba pang espesyal na limitasyon sa panahon na nalalapat sa ilang partikular na sitwasyon.

Kung ang paghahabol ay hindi naihain sa loob ng ligal na limitasyon sa panahon, maaari mawala ang iyong karapatan na ituloy ang iyong paghahabol. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, makipag-ugnayan sa Opisina ng I at A o sa isang abogado na iyong napili.

### Ano ang babayaran ko para patunayan ang aking paghahabol?

Kadalasan, kung nakakuha ka ng mga medikal na ulat o eksaminasyon para makatulong na mapatunayan ang iyong paghahabol, binabayaran ang mga gastos ng tagapag-empleyo o ng tagadala ng paseguro kung makakatanggap ka man o hindi ng igagawad na benepisyo. Nalalapat din ito sa mga makatwirang gastos na ginasta mo, o ng iyong abogado, para sa mga bagay na tulad ng mga medikal na rekord at mga saksi. Kung mayroon kang abogado, mag-iiskedyul sila ng kinakailangang medikal na mga pagsusuri, kung kinakailangan.

### Sino ang may akses sa file ng aking WCAB?

Ang mga kasong isinampa sa WCAB ay mga pampublikong rekord at maaaring siyasatin. Yamang ang mga partido ay hinihiling ng batas na mag-file ng lahat ng medikal na mga ulat na may kinalaman sa iyong paghahabol sa ilang mga yugto ng paglilitis, kasama sa iyong file ang mga medikal na ulat na maaaring basahin ng publiko. Sa ilang mga kaso, ang medikal na impormasyon ay maaaring hindi ipakita sa publiko. Ang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa ang magpapasiya nito at hindi karaniwang ginagawa maliban kung hiniling at kinakailangang gawin ito sa mga espesyal na sitwasyon. Maaari ring maglaman ang file ng iyong kaso ng mga dokumentong may kaugnayan sa kasaysayan ng iyong trabaho, mga kita, iba pang natamong sugat/pinsala, at hindi nabayarang mga medikal na singil, kung may mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga naturang isyu. Ang lahat ng impormasyon sa itaas ay bahagi ng pampublikong rekord.

### Ano ang dapat kong gawin upang makipagtulungan?

Dapat kang dumalo sa lahat ng kumperensya, pagdinig, at deposisyon na itinakda sa iyong kaso, maliban kung pinahihintulutan ka. Makakatanggap ka ng abiso sa pamamagitan ng koreo ng lahat ng naturang paglilitis. Responsibilidad mo na siguraduhin na ang iyong abogado, ang tagadala ng paseguro at ang WCAB ay mayroon nang iyong kasalukuyang tirahan sa lahat ng oras habang ang iyong pag-hahabol ay pinagtatalunan. Ang hindi mo pagdalo ay maaaring magpaliban sa isang desisyon tungkol sa iyong paghahabol o maaaring magresulta sa pag-dismiss nito.

Ang tagapag-empleyo o tagadala ay may karapatan na ipadala ka sa mga doktor para sa pagsusuri sa mga makatwirang pagitan. Kung tumanggi kang dumalo nang walang magandang dahilan, maaaring masuspinde ang iyong karapatan sa mga benepisyo. Dapat kang dumalo sa lahat ng medikal na eksaminasyon na ini-iskedyul ng iyong sariling kinatawan, ang WCAB, o ng iba pang opisyal ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa. Kung hindi ka dumalo sa mga eksaminasyon nang walang magandang dahilan, at hindi naabisuhan nang maaga ang doktor, maaaring magkaroon ng isang paghahabol para mabawi ang halaga ng nakaligtaang appointment. Gayundin, ang hindi mo pagdalo sa mga pagdinig o mga pagpapatingin sa doktor ay maaaring magpaantala sa paggawa ng desisyon sa iyong kaso.

### Paano umabot sa pagdinig ang aking kaso?

Mananatiling hindi aktibo ang file ng iyong kaso hanggang sa humiling ang sinumang partido ng pagdinig sa pamamagitan ng paghahain ng Deklarasyon ng Kahandaan Para Magpatuloy (DWC-CA form 10250.1) sa WCAB. Maaaring itakda ang kaso sa kalendaryo para sa isang pagdinig sa harap ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa. Ang pagdinig ay maaaring alinman sa isang pre-trial na kumperensya o isang paglilitis. Ang layunin ng isang kumperensya ay ang pagsama-samahin ang mga partido upang makita kung maaaring maabot ang mga kasunduan, at kung hindi, para makita kung ano ang mga bagay na dapat pagpasiyahan ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa at upang magplano ng mga karagdagang paglilitis. Hindi karaniwang kinukuha ang patotoo sa isang kumperensya.

Maaaring kabilang sa isang paglilitis ang pagkuha ng testimonya at pagpresenta ng mga nakasulat na dokumento bilang ebidensya, na sinusundan ng pagsusumite ng iyong kaso sa hukom para sa pagdedesisyon. Ang lahat ng paglilitis ay inirekord ng isang tagaulat ng hukuman. Dinidinig lamang ang iyong kaso ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa at walang hurado. Karaniwang ibinibigay ang desisyon sa pamamagitan ng koreo sa loob ng ilang linggo pagkatapos madinig ang kaso. Ang mga paglilitis sa pangkalahatan ay mas maikli kaysa sa mga nasa sibil na hukuman. Tumatagal ang mga ito mula sa isang oras, sa mga simpleng kaso, hanggang sa isang buong araw, o higit pa, sa mga kumplikadong kaso, na nangangailangan ng ilang saksi. Ang oras mula sa paghahain ng deklarasyon ng kahandaan hanggang sa petsa ng pagdinig ay maaaring mag-iba depende sa iskedyul sa opisina ng WCAB. Ang buong haba ng iyong kaso ay nag-iiba at nakasalalay sa uri ng pinsala, bilis ng iyong paggaling, at pagiging kumplikado ng iyong kaso.

### Paano kung hindi ako nasiyahan sa desisyon ng mga hukom?

May karapatan kang magpetisyon sa WCAB para sa muling pagsasaalang-alang. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paghahain ng petisyon sa loob ng 20 araw mula sa petsa ng pagdedesisyon (kasama ang karagdagang limang araw kung ipinadala ang desisyon). Ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay sinusuri ng isang panel ng tatlo sa pitong komisyoner ng WCAB.

Maaaring pagtibayin ng (mga) komisyoner ng WCAB ang desisyon o bigyan ng muling pagsasaalang-alang. Maaaring pumunta ang sinumang partido na hindi nasisiyahan sa desisyon ng Lupon sa Hukuman ng Pag-aapela at panghuli ay sa Korte Suprema ng California. Maaaring malapat ang ilang partikular na limitasyon sa oras sa paghingi ng pagsusuri ng mga hukumang ito. Kung hindi hiniling ang muling pagsasaalang-alang o kung hindi ito babaguhin ng WCAB at ng mga Hukuman ng Apela, ang desisyon ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa ay pinal at ligal na may bisa sa iyo, sa tagapag-empleyo, at sa kompanya ng paseguro.

### Maaari bang ayusin ang aking kaso "sa labas ng hukuman"?

Nakaugalian ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation) at ng WCAB na hikayatin ang boluntaryong pag-aayos ng mga kaso at magreserba ng oras ng paglilitis para sa mga kaso na hindi maaaring boluntaryong maisaayos. Maaaring maisaayos ang isang kaso sa anumang yugto sa proseso ng paglilitis. Ang isang karaniwang uri ng pag-aayos ay isang "Kompromisa at Pagpapalaya". Nangangahulugan ito na inaayos ng mga partido ang kanilang mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa pagbabayad ng isang lump sum ng pera bilang kapalit sa pagsasara ng kaso. Anumang benepisyo ay maaaring maisaayos, maliban sa karapatan sa Karagdagang Benepisyo sa Paglilipat ng Trabaho (Supplemental Job Displacement Benefit, SJDB). Maaari lamang itong maisaayos sa mga espesyal na sitwasyon. Responsibilidad ng mga partido na subukang makipag-ayos nang may mabuting loob upang malutas ang mga kaso nang walang paglilitis.

Kapag naaprubahan ang isang kompromiso at pagpapalaya, mawawalan ng kapangyarihan ang WCAB na gumawa ng anumang karagdagang pagpapasiya sa alinman sa mga isyung naisaayos. Kung ayaw mong isara ang iyong kaso at nais mong maprotektahan ang isang opisyal na pag-gawad, tulad ng medikal na pangangalaga, maaaring posibleng sumang-ayon sa isang Stipulation with Request for Award of Benefits, DWC-WCAB form 10214 (a). Walang pag-aayos o kondisyon ang may bisa maliban kung susuriin at inaprubahan ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa o ng WCAB.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para makahanap ng lokal na opisina ng I at A. Maaari ka ring mag-download ng mga gabay sa I at A at makakuha ng impormasyon sa mga workshop para sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala.

*Ang impormasyong nakapaloob dito ay pangkalahatan at hindi nilayon bilang kapalit ng ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na katotohanan ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga ligal na interpretasyon na iba sa mga ipinakita dito.*

State of California
Department of Industrial Relations
EST. 1927
1515 Clay Street, 17th Floor
Oakland, CA 94612



Ang misyon ng DWC: Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho. Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol.

Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na www.dwc.ca.gov para mahanap ang Yunit para sa Impormasyon at Tulong (Information & Assistance Unit) na malapit sa iyo.